

Balitang Manmin

BILANG 209 SETYEMBRE 2, 2018

“Ang Kalooban ng Diyos para sa Manmin sa Pagwawakas ng Panahon!”

Ika-36 Anibersaryo ng Manmin Central Church



Noong Hulyo 25, 1982, ayon sa kalooban ng Diyos, nagbukas ang Manmin Central Church para magsilbing daan para sa kaligtasan ng lahat ng tao mula sa lahat ng bansa. At noong Hulyo 25, 2018, ipinagdiwang namin ang ika-36 anibersaryo ng pagsisimula nito.

Noong Abril 17, 1974, nakatagpo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang Diyos na buhay, halos mamatay na siya noon dahil sa napakaraming karamdamang pinagdusahan niya. Noong araw ding iyon, pinagaling ng Diyos ang lahat ng karamdaman niya, dahil dito, tinanggap niya ang Panginoon. Pagkatapos, hinangad niyang maging isang elder na naglilingkod sa mga kawanggawa at mga gawaing para sa misyon. Pero, noong Mayo 1978, tinawag siya ng Diyos para magpastor. Pumasok siya sa seminaryo ng teolohiko, naging tapat sa Salita at nag-ayuno at nanalangin.

Habang nananalangin at nag-aayuno sa loob ng 40 araw para sa pagbubukas ng iglesia, sinabi sa kanya ng Diyos na ‘magbukas habang napakainit ng sikat ng araw.’ Sa pamamagitan ng salita ng Diyos, noong Hulyo 25, 1982, sa edad na 40 taong gulang, binuksan ni Dr. Lee ang iglesia sa tulong ng 12 tao. Bilang kasagutan sa panalangin niya, ibinigay sa kanya ng Diyos ang pangalang ‘Manmin’ para sa iglesia. Magmula ng magbukas ang iglesia, mayroon ng mga tanda at himala, napaspos ito ng Espiritu at pagpapala. Nagkaroon ng malaking pagbabalik-loob.

Noong Mayo 1986, itinalaga bilang pastor si Pastor Jaerock Lee, nagpatuloy ang malaking pagpapasigla ng espiritu. Noong Hulyo 1991, itinatag niya ang United Holiness Church of Jesus Christ. At pagkatapos nito, naging aktibo siya sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong bansa bilang Tagapangulo ng Holy Spirit World Crusade 1992 at Tagapamahalang Tagapangulo ng Peaceful Reunification Jubilee Crusade sa Ika-50 Anibersaryo ng Kasarinlan. Noong taong 1993, napili ang iglesia bilang ‘isa sa pangunahing 50 mga iglesia’ ng *Christian World Magazine* ng Estados Unidos.

Noong Hulyo 2000, masigasig na nagsimula ang iglesia sa pagdaraos ng mga krusada ng pagkakaisa sa ibang bansa. Sinimulan ito ng krusada sa Uganda na tinawag na Uganda Holy Gospel Crusade. Nagpatuloy si Dr. Jaerock Lee sa pangangaral tungkol sa Diyos na Manlilikha at tungkol kay Jesu-Cristo. Sa tulong ng napakalaking kapangyarihan ng Diyos, nangaral siya sa iba pang mga bansa tulad ng Pakistan, India, Russia, Germany, Peru, at Estados Unidos.

Noong Hulyo 25, 2007, bilang pagdiriwang sa ika-25 anibersaryo ng pagbubukas ng iglesia, sinimulan ni Dr. Lee ang ministeryo niya sa Nazareth, Israel. Labindalawang beses siya pumunta sa Israel sa loob ng tatlong taon. Ipinangaral niya ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo sa tulong ng kapangyarihan ng Diyos. Noong Setyembre 2009, idinaos niya ang Israel United Crusade sa Jerusalem, ang kabisera ng Israel. Ipinagpatuloy ng iglesia ang ministeryo sa Israel, nagbigay ito ng malaking pagbabalik-loob sa Diyos ng mga iglesia dito.

Lumago na ang iglesia natin ngayon, isa na itong ‘megachurch’ kung tawagin. Mayroon na itong mahigit-kumulang 11,000 sangay at katuwang na mga iglesia sa buong mundo. Ipagpatuloy natin ang pagtupad ng kalooban ng Diyos hanggang sa nalalapit na pagwawakas ng panahon sa pamamagitan ng kapangyarihang muling paglikha.



“Ang Utos ng Panginoon ay Natutupad Dahil sa Dakilang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu!”

Elder Johnny Kim, Direktor ng GCN

Nakita kong lubos na natutupad ang kalooban at plano ng Diyos para sa Manmin sa pamamagitan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Matapang niyang ipinapakilala ang Diyos na Manlilikha at inihahayag na si Jesu-Cristo ang ating Tanging Tagapagligtas kahit sa mga bansang Muslim at mga bansang maraming Hindi. Dahil pinapatunayan ang mga mensahe niya ng mga tanda at himala, napakaraming taong tumatanggap sa Panginoon.

Noong Hulyo 2007, maalab na nagsimula ang ministeryo niya sa Israel tulad ng sinabi ng Diyos. Sa loob ng tatlong taong pagmiministryo, nabigyan ng tapang ang mga Judiong naniniwala na si Jesus ang Mesiyas para labanan ang mga pag-uusig na nararanasan nila. Nagkaroon silang ng muling pagsigla

ng espiritu. Inaanyayahan nila ang grupo ng pagtatanghal ng iglesia natin bawat taon. Sa mga pagbisitang ito, naipakilala ang kultura ng Korea sa Israel, nakilala ang bansa natin doon.

Malalim ang pakikipag-usap ng Punong Pastor Dr. Lee sa Diyos sa tulong ng inspirasyon ng Banal na Espiritu. Siya ay maalab na nananalangin at nag-aayuno, sinusunod niya ang kalooban ng Diyos. Sinusunod ng mga miyembro ng iglesia ang halimbawang ipinapakita niya, nananalagin din sila ng maalab. Pinagpala ako ng Diyos dahil nakilala ko ang mga taong tulad nila na inihanda para sa katuparan ng pagmimisyon sa buong mundo. Naranasan ko ang pagkilos ng Diyos ng maraming beses. Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagdala sa akin sa ministeryo ng Manmin.

Pag-ibig ng Diyos (1)

“At ating nalaman at sinampalatayanan ang pag-ibig ng Diyos para sa atin.

Ang Diyos ay pag-ibig at ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili sa kanya” (1 Juan 4:16).



Dr. Jaerock Lee

Punong Pastor ng Manmin Central Church

- Tagapangulo, The United Holiness Church of Jesus Christ
- Permanenteng Presidente, The World Christianity Revival Mission Association
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Global Christian Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, World Christian Doctors Network
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, Manmin International Seminar
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng Lupon, The Alliance Holiness Theological Seminary
- Doctorate ng Ministry, at Honorary Doctorate sa Divinity
- Naibroadcast ang mga sermon niya ng Far East Broadcasting Company at ng Asia Broadcast Station
- Ang mga artikulong sinusulat niya ay inilathala ng The Chosun Ilbo, The JoongAng Daily, The Dong-A Ilbo, The Hankook Ilbo, The Seoul Shinmun, The Hankyoreh Shinmun, The Kyunghyang Shinmun, The Korea Economic Daily, The Shisa News, The Christian Press
- Nagdaos siya ng mga krusada sa Estados Unidos: New York City, Washington D.C., Baltimore, Maryland, Los Angeles, Hawaii; sa Japan; India; Pakistan; Pilipinas; Argentina; Honduras; Peru; Russia; Germany; Kenya; Tanzania; Uganda; The Democratic Republic of Congo; Jerusalem, Israel; at Estonia

Magkakaroon kayo ng karapatang tawaging mga anak ng Diyos kung mananampalataya kayo kay Jesu-Cristo. Pero para maging mga ‘tunay’ na anak Niya, dapat ninyong matanto ang pag-ibig Niya, at makamtan ito. Ang antas ng pag-ibig na ito ay mas malalim pa sa panlimang antas ng pananampalataya. Sa madaling salita, ang antas na ito ay ‘buong espiritu’ (Basahin ang librong The Measure of Faith).

Para makamit ang antas ng ‘buong epiritu’, dapat ninyong matanto ang tungkol sa pag-ibig at katarungan ng Diyos. Pagsamahin ninyo ang dalawang ito, magkapantay dapat. Ang dahilan ay para makamit ang katarungan na nakatuon sa pag-ibig, at ang antas ng pagtupad ng batas ayon sa pag-ibig.

1. Ang Dimensyon ng Pag-ibig Ayon sa Diyos

Nakasulat sa Genesis 13 ang tungkol sa pangyayari sa pagitan ni Abraham at sa pamangkin niyang si Lot. Napakalaki at napakarami ng mga ari-arian nila, dapat na silang maghiwalay. Sinabi ni Abraham kay Lot, “Humiwalay ka sa akin. Kapag kinuha mo ang nasa kaliwa, ako ay pupunta sa kanan; o kapag kinuha mo ang nasa kanan, ako ay pupunta sa kaliwa.” Pinabayaan niyang mamili ang pamangkin niya ng mas mabuting lupain. Espirituwal na pag-ibig ang ipinakita ni Abraham dahil inuna niya ang kapakanan ng ibang tao, masaya siya sa ganitong desisyon at hindi siya naghangad ng kapalit.

Ang mas mataas na antas ng pag-ibig ay ang unang bunga na kabilang sa Siyam na Bunga ng Banal na Espiritu. Kung idadagdag ninyo ang ‘pagsasakripisyo ng buhay ninyo’ sa kahulugan ng ‘espirituwal na pag-ibig’ na nakasulat sa 1 Mga Taga-Corinto 13, pwede na ninyong ilaan ang buhay ninyo para sa kaharian at katarungan ng Diyos at kahit sa mga kapatid ninyo kay Cristo. Makakamit na ninyo ang pinakamataas na antas ng pag-ibig na tutulong sa inyo na ibigay ang buhay kahit para sa mga kaaway na galit sa inyo.

Kahit ang pag-ibig na ito ay nasa pinakamataas na antas sa mata ng mga tao, mas mataas pa din sa lahat ang pag-ibig ng Diyos. Pag-aralan natin ang tungkol sa pag-ibig ng Diyos.

1) Pag-ibig na Nagsasakripisyo ng Sarili at Nagbibigay ng Lahat

Sa 1 Juan 4:10 sinasabi, “Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo’y umiibig sa Diyos, kundi Siya ang umibig sa atin, at sinugo ang Kanyang Anak na pantubos sa ating mga kasalanan.” Inihanda muna ng Diyos na Siya mismong pag-ibig ang lahat ng bagay para sa atin. Nagsakripisyo Siya at isinuko ang lahat para sa atin (1 Juan 4:16, 19; Mga Taga-Roma 5:8).

Sa simula, ang Diyos na Pinagmulan ay liwanag na may orihinal na tinig, tanging Siya lang ang nasa sansinukob (Exodo 3:14; Juan 1:1; 1 Juan 1:5). Dumating ang panahon na nais Niyang ibahagi ang pag-ibig Niya sa iba. Gumawa Siya ng plano para sa pangangalaga ng sangkatauhan para magkaroon ng mga tunay na anak.

Una sa lahat, hinati ng Diyos na Pinagmulan ang buong sansinukob sa mga lugar na may magkakaibang dimensiyon. Mababasa sa Nehemias 9:6, “Ikaw ang PANGINOON, Ikaw lamang. Ikaw ang gumawa ng langit, ng langit ng mga langit, pati ng lahat ng mtatanaw roon, ng lupa at ng lahat ng mga bagay na naroon, ng mga dagat at ng lahat ng mga bagay na naroon, at pinananatili Mo silang lahat; at ang hukbo ng langit ay sumasamba sa Iyo.”

At naging Siya ang Diyos na may Tatlong Persona: Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Banal na Espiritu (Ang Mga Gawa 13:33; Sa Mga Hebreo 5:5; Juan 15:26; Galacia 4:6). Ang Diyos Anak, Diyos Banal na Espiritu at Diyos Ama ay iisa lang, pero mula sa Diyos na Pinagmulan nagkaroon sila ng kasarinlan. Mayroon silang sariling tungkulin, pero ang puso, kalooban at kapangyarihan nila ay iisa. Ito ang dahilan kung bakit tinatawag natin silang “Diyos na may Tatlong Persona” o “Diyos na may Tatlong Pagkakaisa” (Basahin ang Thunder, the Original Voice). Nilikha ng Diyos na may Tatlong Persona ang lahat ng bagay na kakailanganin para sa pangangalaga ng sangkatauhan.

Nilikha ng Diyos ang mga espirituwal na nilalang tulad ng mga anghel at kerubim para tumulong sa gawain Niya. Nilikha din Niya si Lucifer at hinayaang magkaroon ng paghihimagsik kahit batid Niya na masasaktan Siya ng lubos sa kataksilang ito. Sa simula pa, batid na Niya ang mga mangyayari, pero minahal pa rin Niya si Lucifer. Nakita Niya ang pagtataksil nito at ang pagbagsak nito sa pagkawasak. Nangyari ang lahat ng ito dahil kinakailangan ito sa pangangalaga ng sangkatauhan ayon sa katarungan. Ang sakit ng kalooban ng Diyos dahil sa mga pangyayaring ito ay hindi kayang maarok ng tao (Genesis 1:2).

Pagakatapos ihanda ang lahat, nilikha ng Diyos ang tao ayon sa wangis Niya. Tinamasa ng unang nilalang na si Adan ang walang limitasyon na karapatan at kapangyarihan bilang pinakamamahal ng Diyos. Pero nagtaksil din siya sa Diyos, at nagdusa ang Diyos sa sakit ng kaloobang idinulot nito sa Kanya. Pinalayas sina Adan at Eva mula sa Halaman ng Eden at nagsimula agad ang pangangalaga ng sangkatauhan. Magmula noon, kailangang mas magpakita ng dedikasyon at pagsisikap ang Diyos para magkaroon ng mga tunay na anak.

Nang magsimula ang pangangalaga ng sangkatauhan dito sa mundo, mabilis ding nabahiran ng kasalanan ang sangkatauhan. Dapat pagtiisan ng Diyos na may Tatlong Persona ang mas malalaking sakripisyo para sa sangkatauhan. Ibig sabihin, si Jesus, na Anak ng Diyos, ay dumating dito sa lupa sa katawang tao at naging pambayad sa kasalanan ng sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-ibig Niya at pagpapapako sa krus. Nagdulot ito ng hindi maipaliwanag na pasakit sa Diyos Ama at kay Jesus na nagpasan ng krus at namatay.

Pero, tiniis ito ng Diyos dahil mas Malaki ang pagmamahal Niya para sa mga tao kaysa sa matinding sakit na pinagdusahan Niya. Kahit nakaranas Siya ng maraming pagtataksil mula sa mga tao, hindi sapat ang galit Niya para lipulin silang lahat. Pinagtiisan Niya ang lungkot ng paulit-ulit, hanggang sa isuko Niya ang buhay ng bugtong na anak Niya para ilitas ang mga ito. Ang nais lang Niyang gwin natin ay magtiwala kay Jesu-Cristo at maligtas. Nais Niyang maging mga tunay na anak tayo, tamasahin ang lahat ng mayroon Siya kasama Niya, at mabuhay ng maluwalhati sa Kanya magpakailanman.

2) Pag-ibig na Nagbibigay ng Pagkakataon Hanggang sa Huli at Mas Mabubuting Bagay

Inihayag muli ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa ministryo ni Jesus. Batid ni Jesus na ipagkakanulo Siya ni Judas Iscariote kahit isa ito sa mga disipulo Niya. Pero nais ng Diyos na kumapit ito sa pagkakataong magbago.

Kahit batid ni Jesus ang laman ng puso ni Judas, pinakisamahan

Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang

hanggang Langit.

5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles’ Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito. “Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)
- “Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
 Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
 Website: <http://www.manmin.org/english>
www.manminnews.com
 Email: manminen@manmin.kr
 Tagapaglalathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Tagalog

“Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo (1 Taga-Tesalonica 5:23). Para makamit ang antas na ‘Buong Espiritu’, dapat maunawaan ninyo ang pag-ibig ng Diyos at ang katarungan Niya, at pagsamahin ang dalawang ito ng maayos. Dito lang ninyo makakamit ang perpektong pag-ibig.”

Kumopya ng ilang bahagi sa isang mensaheng ginamit sa Kumperensya ng mga Lider “Pag-ibig”

Niya ito tulad ng pakikisama Niya sa ibang disipulo. Ipinagkatiwala pa Niya dito ang kahon na lalagan ng kaloob. Pero kahit matagal na itong kasama ni Jesus, hindi ito nagbago. Kinupitan nito ang kaloob. Pero hindi Siya pinagwikaan o pinalayas ni Jesus. Ito ay sapagkat batid ni Jesus na kapag iniwan Niya ito, hindi na ito magkakaroon ng pagkakataon. Pero sa huli, pinili ni Judas ang kasamaan. Noong nakapagdesisyon ito na ibenta si Jesus, dumalo pa rin ito sa Huling Hapunan kasama ni Jesus gaya ng dati. Tinulungan ito ni Jesus na malaman nito ang masamang ginagawa niya sa paraang hindi napapansin ng ibang disipulo. Binigyan ito ni Jesus ng maraming pagkakataon hanggang sa huli (Mateo 26:21-25).

Hindi nag-alala si Jesus sa sakit na pagdurusan Niya sa krus dahil sa pagtataksil ni Judas Iscariote. Pero nalungkot Siya at naawa dahil mahuhulog ito sa pagkawasak. Ang pag-ibig ng Panginoon ay nakahandang magpasan, magtiwala, at magtiis kahit para sa magtataksil habang may natitira pang maliit na pagkakataong magbago kahit magsakripisyo at magdusa pa Siya. Kahit ang mga ganitong klaseng tao ay pinipili ang pagkawasak, hindi Siya napopoot at nagiging negatibo sa pakikitungo sa kanila. Naaawa Siya sa kanila.

Ang puso ng Diyos at ng Panginoon ay pusong nagbibigay ng lahat-lahat at umaasang magbabago ang tao kahit walang kapalit; pusong hindi nagtatanim ng galit kahit walang kumikilala sa pag-ibig na ito; pusong nagbibigay ng pagkakataon hanggang sa huli at tumutulung na makamit ng tao ang mas mabubuting mga bagay. Dapat tayong magkaroon ng pag-ibig na tulad nito para makarating sa ‘antas ng buong espiritu.’

2. Katarungan ng Diyos na Nagpapaperpekto sa Pag-ibig

Kung ang pag-ibig ay puso ng Diyos, ang katarungan ay nasa puso din Niya. Sinasabi ng Isaias 30:18, “...Sapagkat ang PANGINOON ay Diyos ng katarungan.” Ang itinutukoy ng katarungan ay mga tuntunin at pamantayan na ginawa ng Diyos. Hindi lang Niya itinakda ang katarungan, sinusunod din Niya ito.

Sinasabi ng Mga Awit 37:6, “Ang iyong pagiging walang sala ay pakikinangin Niyang gaya ng liwanag, at ang iyong pagiging matuwid na gaya ng katanghalian tapat.” Ibig sabihin, walang maitatago o mapagtatakpan sa katarungan ng Diyos, lahat ay ilalantad ng maliwanag.

Kaya ang mga hindi sumusunod sa batas ay natatakot sa katarungan Niya dahil lalantad ang kasamaan nila. Sa kabilang banda, magiging matibay na proteksyon ng mga nabubuhay sa liwanag ang katarungan ng Diyos.

1) Itinakda ang mga Tuntunin Nang Likhain ng Diyos ang Kalangitan, ang Mundo, at ang Lahat ng Bagay

Sa unang araw ng Paglikha, pinalibutan ng orihinal na liwanag ang lahat ng bagay, itinatag ang kaayusan at mga tuntunin ng lahat ng nilikha at nilalang (Genesis 1:3).

Halimbawa, kaayusan ng mga nilikha tulad ng “pag-inog ng mundo isang beses sa isang araw at pag-ikot nito sa araw isang beses sa isang taon.” Ang iba pang kaayusan sa araw, buwan, mga planeta, at hindi mabibilang na mga bituin, na nilikha lahat sa unang araw. Mayroong batas ang mundo at ang sansinukob sa kalikasan tulad ng, “Pababa ang daloy ng tubig, nagiging yelo ang tubig sa temperaturang mababa pa sa 0, at kumukulo sa mas mataas pa sa 100 degrees celsius” at sa ibang bansa, nagpapalit ang panahon, tulad ng tagsibol, tag-init, taglagas, at taglamig (dito sa Pilipinas, mayroon tayong tag-ulan at tag-init).” Lahat ng ito ay ayon sa batas ng katarungan.

Nang lalangin ng Diyos ang tao sa ika-6 na araw, nagtatag din Siya ng kaayusan at mga tuntunin ayon sa katarungan Niya para ang mga katawan ng tao para gumana ayon sa hindi

nagbabagong patakaran. Ang mga tuntuning ito ay: Kikilos ang tao kung may sapat na lakas ang mga ito. Makukuha ang lakas sa pagkain, tulog, at hindi pag-abuso sa limitasyong ibinigay sa katawan. Ito ang dahilan kung bakit dapat sundin ng tao ang batas ng pisikal na mundo para maging malusog.

2) Katarungang Kinakailangan para sa Pangangalaga ng Sangkatauhan

Sa Pangangalaga ng Sangkatauhan, kinakailangan ang kaligtasan, paghatol, mga kasagutan, pagpapala, pagpaparusa, at mga kalamidad. Kalakip ng mga ito ang katarungang itinakda ng Diyos. “Kung ang isang tao ay magtatanim, mayroon siyang aanihin.” Ang mga tuntunin ayon sa katarungan at katotohanan ay malinaw ang pagkakatakd kumpara sa kahit na anong tuntunin, wala itong kamalian. Ang batas ng katarungan tungkol sa parusa sa pagkakasala ay nakasulat sa Biblia tulad ng Mga Kawikaan 16:18, na nagsasabing, “Ang pagmamataas ay nauuna sa kapahamakan, at ang palalong diwa ay nauuna sa pagkabuwal.” At sa Santiago 1:15, mababasa natin, “At kapag ang pagnanasang iyon ay naipaglihi, ito ay nanganganak ng kasalanan at ang kasalanan kapag malaki na ay nagbubunga ng kamatayan.”

May mga tuntunin sa katarungan na hindi maiintindihan ng mga tao sa mundo tulad ng nakasulat sa Mateo 10:39 na nagsasabing, “Ang nagsisikap magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawawalan ng kanyang buhay dahil sa Akin ay makakatagpo nito.”

Baka inisip ng mga makamundong tao na magbabago ang katotohanan sa paglipas ng panahon, pero hindi nagbabago ang katarungan ng Diyos. Kung maiintindihan natin ang katarungan ng Diyos, mas magiging madali para sa atin ang tumanggap ng mga kasagutan at mga biyaya Niya, at solusyon sa mga

problema. Ang katarungan Niya ay parang pagbabalangkas o pormula sa matematika, kaya kung gagamitin ang katarungan sa isang dahilan (kasalanan), malalaman na ang resulta nito (kamatayan). Malalaman din ninyo ang dahilan ng problema ayon sa katarungang gagamitin sa resulta nito.

Siyempre, ang katarungan ng Diyos ay pinagsama-samang mga tuntunin, parang hinabing tela. Kung mas lalalim pa ang antas ng pagiging espirituwal ninyo, mas matatanto ninyo ang mga tuntunin. Halimbawa, may ilang taong pumatay ng kapwa tao, malaking kasalanan ito. Pero pwedeng magkakaiba ang dahilan at situwasyon ng bawat isa sa kanila kung bakit nila ginawa iyon. Kung nababasa ng hukom ang nilalaman ng puso nila, at makikita dito ang mga dahilan para mabawasan ang bigat ng krimen na ginawa ng isa sa kanila, baka humanap pa siya ng paraan para maiwasan ang hatol na kamatayan ayon sa limitasyon ng batas.

Pwede rin itong gamitin sa espirituwal na diwa. Magkakaiba ang paraan ng paglutas ng problema ng tao, depende ito sa antas ng pagmamahal at kabutihan nila. Kung mas malalim ang pagkakaintindi nila ng katarungan, makakakita sila ng paraan kung paano mabibigyan ng mas magandang buhay ang ibang tao.

Para mas magkaroon ng kaalaman tungkol sa katarungan, pag-aralan nating mabuti ang tungkol sa katotohanan. Ibig sabihin, maging masigasig sa pagbabasa, pakikinig, pag-intindi ng Biblia para maitanim sa puso ang tuntunin ng katarungan ng Diyos. Kung mayroong katarungan, magiging perpekto ang pag-ibig, at ang kombinasyon ng pag-ibig at katarungan ay magiging perpektong pag-ibig, na siyang katuparan ng kautusan.

Itutuloy sa susunod na edisyon



Kapatid Dayoung Kim (Estudyante, Ika-8 baitang sa Yewon School)

Nanalo ng Unang Gantimpala sa kumpetisyong 2018 International Trumpet Guild para sa mga kabataan

Noong Mayo 29 – Hunyo 2, idinaos sa San Antonio, Texas, Estados Unidos ang Internatinal Trumpet Guild Conference para sa taong 2018. Sa huling araw, lumaban sa kumpetisyon ng ITG Youth Competition si Kapatid Dayoung Kim, miyembro ng Komite ng Sining, nanalo siya ng unang gantimpala.

“Dapat magpadala ako ng naka-record na pagtugtog ko sa ITG para makasali. Hindi ko magawa ito ng maayos, baka hindi makaabot sa itinakdang oras. Tinanggap ko muna ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System bago ako nag-record ulit ng pagtugtog ko. Namangha ako dahil maayos akong nakatugtog pagkatapos ng panalangin. Nang makapasa ako sa mga iba pang serye ng pagpili, hindi na ako nagkaroon ng oras para paghandaan ang pinakahuling kumpetisyon dahil abala ako sa mga konsiyerto at mga pagsusulit sa eskwelahan. Noong Mayo 28, kahit walang puspang preparasyon, pumunta na ako sa Estados Unidos. Ninerbiyos ako dahil may bahaging hindi ko matugtog ng tama kahit ito na ang huling ensayo

bago ang kumpetisyon.

Pero isang araw bago ang kumpetisyon, dumalo ako sa pagbobroadcast ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes, tinanggap ko ang naka-record na panalangin ng Punong Pastor. Kinabukasan, tumugtog na ako sa kumpetisyon. Nakatugtog ako ng buong husay, kahit sa bahaging hindi ko maperpekto! Napanalunan ko pa ang unang gantimpala. Nagpapasalamat ako sa Panginoon. Nagpapasalamat din ako kay Punong Pastor na nanalangin para sa akin.”

May komento tungkol sa pagtugtog niya ang isa sa mga hurado sa kumpetisyon, “Ipinakita niya ang tamang pagkaintindi at emosyon ng musikang tinugtog niya. Nakabibilib ang paraan niya sa pagtugtog. Eksakto ang paiba-ibang istilo niya.” Napanalunan ni Kapatid Dayoung Kim ang unang gantimpala sa mga sumusunod na kumpetisyon: Woohyun Gwanak Competition, Music Association of Korea, at Seoul National University Gwanak Competition. Tumugtog siya kasama ng Incheon Philharmonic Orchestra at napiling Kumho Prodigy Artist.

Muling Pinapasigla ng Manmin ang Buhay at Ministeryo ng mga Cristiano sa Buong Mundo

Dr. Andre Gasiorowski, Presidente ng Helping Hand Coalition, Israel



“Masaya ang mga Miyembro ng Manmin, Salamat sa Katapatan at Pagmamahal ng Pastol”

Mr. Sergey Velbovets, Presidente ng INVICTORY MEDIA GROUP, Canada



“Makikita ang Tunay na Pananampalataya at Paglilingkod ng Tapat sa Diyos sa Lugar na Ito.”

Nalutas ko ang mga problema ko, at gumaling ang problemang sakit sa likuran ng asawa ko dahil sa makapangyarihang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Naniniwala ako na kaya makapangyarihan si Dr. Lee ay dahil napabanal na siya, tapat siya sa panalangin at pag-aayuno. Batid niya ang tungkulin niya sa kaharian ng Diyos. Ang mga ganitong pagkilos ay hindi mangyayari kung kakaunti lang ang kaalaman ninyo tungkol sa Diyos at bihira kayong makipag-usap sa Kanya.

Sa pagbisita ko sa Manmin, naranasan ko ang masayang buhay na mayroong mga kasagutan, mga pagpapagaling, at mga biyaya mula sa Diyos. Nang makilala ko si Dr. Lee, humanga ako sa lubos na pagmamahal niya sa mga miyembro ng iglesya, at sa pagpapakumbaba niya bilang lingkod ng Diyos. Ipinakita niya ang mabuting halimbawa kung paano magiging kaibigan ng Diyos. Nang makita ko siya, nagdesisyon akong magbagong buhay.

Habang tumatagal, palaki ng palaki ang ministeryo ng Manmin, nagpapakita ito ng mabuting halimbawa kung paano isasagawa ang gawain ng Diyos. Nais kong magpatuloy sa pagtulong sa ministeryo ng Manmin at maging saksi ng Diyos na tumutulong kay Dr. Lee

Ipinakita ng Manmin Central Church at ni Dr. Jaerock Lee kung paano dapat magsulong ng buhay ang mga tunay na Cristiano. Maraming tao ang natuto sa kanila kung paano maging tapat sa Diyos, tumanggap sila ng kagalingan at mga kasagutan dahil sa panalangin ni Dr. Lee. Naranasan din ng asawa ko ang pagkilos ng Diyos dahil sa hiniling niya ito sa panalangin pitong taon na ang nakaraan. Noong siyam na buwan ang ipinagbubuntis niya, hindi niya naramdaman ang paggalaw ng sanggol ng ilang araw. Pero pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin, gumalaw ulit ang sanggol.

Marami na akong nakilalang maimpluwensyang pastor mula sa buong mundo, pero kakaunti ang palaging handang tumulong sa mga miyembro ng iglesya 24 oras araw-araw tulad ni Dr. Lee. Kinakailangang gawin ng mga pastor ang ministeryo nila tulad ng ginagawa ni Dr. Lee, handang tumulong sa buhay ng mga miyembro ng iglesya. Gagawin namin ang lahat para maibalita ang ministeryo niya sa lahat ng pastor sa buong mundo.

Nagpapasalamat ako dahil natutuhan ko ang ebanghelyo ng kabanalan, hindi ito naimpluwensyahan ng makamundong kalakaran. Sa mga mensahe niya, itinuturo ni Dr. Lee ang tungkol sa mga kasalanang kinapopootan ng Diyos. Sinasabi niyang dapat tayong maging mga tunay na anak ng Diyos na nabubuhay ayon sa Salita Niya.

Isang malaking karangalan para sa akin na mapabilang sa ministeryo niya.

Kapatid Yordanis Castro, Guayaquil, Ecuador



“Itinigil ko ang Pag-inom ng Alak at Paggamit ng Ipinagbabawal na Gamot, Nagpanibago ang Buhay Ko”

Bago ko mabalitaan ang tungkol sa ministeryo ng Manmin, parang barko ang buhay ko na lumalayag ng walang direksyon sa gitna ng dagat. Ako ay nagmula sa Cuba, pero ng mamatay ang mga magulang ko, lumipat ako sa Ecuador. Nasaktan ang damdamin ko ng matanggal ako sa trabaho, nalungkot ako. Nagsimula akong maglasing at humithit ng marijuana.

Nag-aral ako ng mahika, nagpalabas ako ng mahika para kumita ng pera sa mga ospital, eskwelahan, teatro, at mga programa sa telebisyon na pambata. Habang nagtatrabaho ako, lalo akong napalapit sa kamunduhan. Uminom ako ng alak, ng ipinagbabawal na gamot, at nanigarilyo. Ang baga ko ay nagsimulang masira, at sumakit ang bukong-bukong at likuran ko dahil sa operasyon ko sa nabaling buto sa binti. Nagkaroon din ako ng hindi gumagaling na allergic rhinitis at sakit sa mga

ugat.

Nagsimula akong maghanap ng salita ng buhay na makapagligtas sa akin mula sa kadiliman. Noong taong 2015, may nabasa akong artikulo sa internet tungkol kay Dr. Jaerock Lee at Manmin Central Church. Hinaplos ang puso ko ng mga patotoo ni Dr. Lee. Pinakinggan ko ang mga sermon niya, nanalangin ako. Gumaling ako mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin niya! Nagbago ako. Tumigil ako sa pag-inom ng alak, paninigarilyo, at pag-inom ng ipinagbabawal na gamot. Gumaling din ang allergic rhinitis ko, at ang mga baga ko. Lumaya ang katawan ko sa sakit sa mga ugat na sanhi ng allergy ko.

Pagkatapos kong tanggapin ang kamangha-manghang pagpapalang ito, nagpatotoo ako sa ibang tao, ibinahagi ko rin ang “The Message of the Cross” na sinulat ni Dr. Lee. Dumadalo ako sa mga pagsamba sa Peru Manmin Church o sa Colombia Manmin Church sa YouTube, at pinag-aaralan ko ang mga mensahe ni Dr. Lee sa SNS. Binabasa ko rin ang *Balitang Manmin* sa wikang Kastila sa website ng iglesya.

Umaasa ako na maihatid ang salita ng buhay sa mas maraming tao, at mas marami pa ang maligtas, kasama dito ang pamilya at mga kaibigan ko. Gusto ko ring bumisita sa Korea para makita si Dr. Lee ng personal. Taos-puso akong nagpapasalamat sa Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na tumutulong sa akin na hanapin ang Diyos araw-araw, na ibigin si Jesus, at manalangin sa Banal na Espiritu.

Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

Manila Manmin Holiness Church

168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Bataan Manmin Holiness Church

067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

Isabela Manmin Holiness Church

Purok 3, Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

Cavite Manmin Holiness Church

5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen. Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church

Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church

LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church

301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714